Public education
**Discover a world of opportunities**

KINDERGARTEN

# MGA BILANG: PAG-AARAL SA TAHANAN

## PAG-UNAWA NG MATEMATIKA

Naririto ang ilang mga ideyang matutulungan kayo sa pagpapasigla ng matematika para sa inyong anak:

- Sabihin ninyo nang malakas ang inyong iniisip kapag gumagamit kayo ng mga bilang, oras, posisyon at pagsukat upang makita ng inyong anak kung paano maaaring maging mahalaga ang matematika. Halimbawa: *Husto na kaya ang ating mga mansanas?* at *Bilangin natin para makasiguro.*
- Payuhan ang inyong anak na sabihin kung ano ang kanyang ginagawa. Magtanong kayo at hayaan din ninyong magtanong ang inyong anak. Matutulungan sila nito na maunawaan ang mga bagay at unawain ang kanilang ginagawa. Ito ay magaling na paraan para matuto.
- Gamitin ninyo ang matematika at ang mga salitang bilang kapag naglalarawan kayo ng mga bagay. Sa halip na sabihin ninyo: *Ang timba*, maaari ninyong sabihin : *Ang 10 litrong timba*. Tuturuan nitong matutuhan ng inyong anak tungkol sa mga iba-ibang salita na ginagamit para ilarawan kung paano sinusukat ang mga bagay.

**Sundin ang ginintuang patakaran na 'kaunti at madalas' – ilang minuto bawat araw na pag-aaral tungkol sa mga bilang ay higit na mabuti kaysa 30 minuto ng pag-aaral ng matematika.**

**Mahalagang tandaan ninyo na ang mga bata ay umuunlad sa iba-ibang tulin.**

**Maging matiyaga, nakapagbibigay ng liwanag at tulong kayo. Tiyakin na purihin siya sa kanyang paggawa, kahit na mali ang kanyang sagot.**

- Purihin ang inyong anak para sa kanyang pagsisikap, kahit na mali ang ibinigay niyang sagot. Kung hindi niya alam ang sagot, bigyan ninyo siya ng panahon upang malaman ito. Kung sakali mang ibibigay ninyo sa kanya ang sagot, sabihin ninyo kung paano ninyo nasagot ito. Papalakiihin nito ang pagtitiwala ng inyong anak sa pag-aral. Bigyan ninyo sila ng panahon para umisip at panahon para sagutin ang inyong mga tanong. Maging matiyaga kayo.
- Isara ninyo ang telebisyon. Higit na madali para sa inyong anak na mag-ukol ng isip kung hindi siya nagagambala.




**Makakakita kayo nang higit pa mga pahina ng mga impormasyon ukol sa pantahanang pag-aaral sa education.wa.edu.au.**

Department of
**Education**

© Department of Education, Western Australia, 2015